



Ang Seattle Public Utilities (SPU) ay nagsusumikap na mapanatiling ligtas para sa mga empleyado, trabahador at publiko ang lugar ng konstruksiyon. Sa panahon ng konstruksiyon, maaaring mapanganib ang mga mabibigat na makinarya, kagamitan at mga materyales. Dahil dito, hinihiling namin na sundin ninyo itong mga kaalaman tungkol sa kaligtasan.

Pangkalahatang mga Kaalaman

- Kailanman posible, iwasan ang paglapit sa isang sona ng konstruksiyon.
- Sundin ang lahat ng mga karatula at direksiyon ng trapiko mula sa mga trabahador at mga flagger.
- Manatiling alerto at iwasan ang mga nakakaabala kapag nasa o malapit sa sona ng konstruksiyon.

Mga Nagmamaneho/Mga Namamasaha

- Mangyaring huwag magmaneho sa loob ng lugar ng konstruksiyon. Panganib kang makaka-sakit sa mga trabahador ng konstruksiyon pati na rin sa iyong sarili. Kung sakaling kinakailangang kayong magmaneho sa loob ng isang lugar na may tinatrabaho upang makarating sa inyong tahanan o pinagtatrabahuan, mangyaring mag-ingat at sundin ang direksiyon na nag-mumula sa tauhang nasa pook ng tinatrabaho.
- Kapag kayo'y umaatras mula sa inyong driveway, suriin kung ano ang nasa inyong likuran kung sakaling may mga gawang konstruksiyon o kagamitan na naka-hadlang sa inyong dadaanan.
- Kung ang inyong kalye o driveway ay masasalahan, tandaan lamang na ilipat ang inyong sasakyan sa labas ng lugar ng konstruksiyon bago mag-simula ang pag-trabaho nito.



Mga naglalakad

- Mag dahan-dahan at sundin ang mga karatula na nagsasabi sa inyo kung saan lalakad, igugulong (ang wheelchair o walker), o magbisikleta.
- Huminto, tumingin at makinig para sa mga trak ng konstruksiyon at mga makinarya. Tiyaking nakikita kayo ng nagmamaneho kung kayo'y malapit sa kanila.
- Tumingin para sa hindi pantay-pantay na daanang semento o mga paglalakaran.
- Ipaalala sa mga bata na huwag maglakad, tumakbo, magbisikleta o maglaro sa lugar ng konstruksiyon.
- Panatilihin lahat ng mga alagang hayop ay nakatali kung nasa paligid ng mga lugar ng konstruksiyon.

Ang Pag-access

Makipag-ugnay sa manedyer ng proyekto ng SPU upang ipaalam kung kayo'y may kakayahang mai-access at iba pang pangangailangan sa pag-a-access.

Mangyaring **huwag** lumapit sa isang lugar na may pag-huhukay o konstruksiyon upang makipag-usap sa mga tauhan ng konstruksiyon. Kung kayo'y may anumang mga katanungan o komento na kaugnay sa mga kaligtasan sa konstruksiyon, mangyaring tawagan kami sa numero/email sa natanggap ninyong abiso tungkol sa proyekto.

Para sa karagdagan pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang:

www.seattle.gov/utilities/constructionsafety

**Salamat sa inyong pagtulong sa amin upang panatilihin na ang aming lugar ng
konstruksiyon ay ligtas!**